SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LIMANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-1 NG MARSO, 1989.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ROBERTO R. GONZALES	- Punong-bayan-Namuno
2.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pangalawang Punong-bayan
3.	Kgg. EMILIO M. TIONGCO	- Kagawad
4.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
5.	Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
6.	Kgg. URIEL T. MANGAHIS	- Kagawad
7.	Kgg. ADELO T. PEREZ	- Kagawad
8.	Kgg. ANTONIO G. DUNGAO	- Kagawad
9.	Kgg. AVELINA R. GIRONELLA	- Kagawad
10.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
11.	Kgg. REYNALDO C. ENTENA	- Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Agrikultura

Di-Dumalo:

1.	Kgg. GEMINIANO S. BABASANTA	- Kagawad, Kinatawan ng sektor ng Industriya

****

KAPASIYAHAN BLG. 27-'89
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Tapengco)

ANG KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. SEVERINO RECTO, REGIONAL DIRECTOR, REGION IV, QUEZON CITY, DEPARTMENT OF AGRICULTURE NA MAPIGIL ANG NAPIPINTONG PAGLILIPAT SA KASALUKUYANG "MUNICIPAL AGRICULTURAL OFFICER NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, napag-alaman ng kapulungan na may panukalang ilipat sa ibang bayan si G. Fernando Bernardo, Jr. ang kasalukuyang "Municipal Agricultural Officer";

SAPAGKA'T, sa panunungkulan ni G. Bernardo bilang "Municipal Agricultural Officer" ay napatunayan niya ang kanyang kakayahan bilang isang mahusay at kapaki-pakinabang na pinunong pansakahan, kaya nga't inani niya ang paggalang ng lahat ng mamamayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASIYA, na hilingin kay G. SEVERINO RECTO, Regional Director, Region IV, Department of Agriculture na mapigil ang napipintong paglilipat sa Municipal Agricultural Officer ng Santa Rosa, Laguna.

IPINASIYA din na padalhan ng sipi si Dr. Leoncio Rebong, Jr., Provincial Agricultural Officer, Santa Cruz, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng ika-limang pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong ika-1 ng Marso, 1989.

PATOTOO: